## 1st RPWUDs Completion Rites, isinagawa

**(ni: Fe CB)**




Isinagawa ang 1st RPWUDs Completion Rites sa pangunguna ng ating Punongbayan , Kgg. Ildebrando D. Salud, Pangalawang Punongbayan, Kgg. Antonio Octavio L. Marasigan at Miyembro ng Sangguniang Bayan at ng MSWDO, G. Arnold E. Enriquez noong ika-9 ng Setyembre, 2022, 1:00 n.h. sa Municipal Gymnasium.

Dinaluhan din ito ni **Dir. Nicomedes Castillo, DSWD (Social Technology Bureau) Mylah Gatchalian (OIC/Regional Director-DSWD CALABARZON)** na kinatawan ni G.Dion Dalusong (DSWD Field Office CALABARZON) na parehong naging **PANAUHING PANDANGAL AT TAGAPAGSALITA**, G. Brindon Malapo (Head, Social Technology Unit), Bb. Eva Christine Pica, MSWDOs ng Bayan ng Tanauan at Bayan ng Taysan, Admin at maybahay ng punongbayan ng Taysan, Multi-Disciplinary Teams ng San Juan, Department Heads, mga Punong Barangay, pamilya ng mga Recovering Person Who Used Drugs (RPWUDs) Completers.




Nagtapos ang 22 Lalaking RPWUDs mula sa Brgy. Talahiban 2.0 at 21 Lalaking RPWUDs mula sa Brgy. Laiya Aplaya. Sila ang 2 kauna-unahang barangay na sumailalim sa RPWUDs After Care Session ng **Implementasyon ng Yakap Bayan Program** na kung saan ang Bayan ng San Juan ang Model Building sa buong Luzon. Layunin nito na maisakatuparan ang linyang ito: **“From Drug Surrenderers to Community Leaders”.**

Natapos ng **43 RPWUD Completers** sa ilalim ng YBP Aftercare Modules:

ang pampersonal, pampamilya, pangkomunidad at pangkabuhayan upang sila ay makapagbago, muling makabangon, mapanumbalik ang relasyon sa kanilang pamilya at maging produktibong mamayan ng bayan ng San Juan o ng lipunan.

Nabigyan sila ng sapat na kailangang oportunidad , nalinang ang mga sarili at nabuo muli ang kanilang dignidad bilng miyembro ng pamilya at komunidad.



“Ipagpatuloy natin ang laban kontra Droga alinsunod sa probisyon ng Republic Act No. 9165 o ang tinatawag na “Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002”.

**Congratulations RPWUD Completers!!!**

#